WeDrawTheLines.ca.gov

555 Capitol Mall, Suite 300
Sacramento, California 95814
Call toll free: 1-866-356-5217
Fax: 916-319-9295
Email: votersfirstact@auditor.ca.gov

Sino ang Makakapaglingkod sa Komisyon?

Ipinahintulot ng mga botante ng California ang paglikha ng komisyon noong ipasa nila ang Batas na Mga Botante MUNA (Batas), na lumitaw bilang Proposisyon 11 sa balota ng pangkalahatang halalan ng Nobyembre 2008.

Ang Batas ay nag-aatas sa Tagasuri ng Estado na magpasimula ng isang proseso ng aplikasyon para sa pagpili ng mga miyembro ng komisyon. Ang proseso ng aplikasyon ay bukas sa bawat nakarehistrong botante na:

- Patuloy na nakarehistro sa California sa iisang partidong pampulitika, o walang partidong pampulitika, sa limang taon bago hirangin sa komisyon; at
- Bumoto sa hindi kukulangin sa dalawa ng pinakahuling tatlong pambuong-estadong pangkalahatang halalan.

Gayunman, ang isang aplikante ay hindi karapat-dapat maglingkod sa komisyon kung ang aplikante ay may kasalungat na interes gaya ng nilinaw ng Batas. Ang isang aplikante ay may kasalungat na interes kung, sa sampung taon bago isumite ang aplikasyon, ang aplikante, o isang miyembro ng kanyang pamilya na ang aplikante ay may "tunay" na relasyon, na lilinawin sa regulasyon, ay:

- Hinirang, inihalal sa, o isang kandidato para sa isang pangkongreso o pang-estadong katungkulan sa California;
- Naglingkod bilang isang opisyal, empleyado, o bayarang tagapayo ng isang partidong pampulitika sa California o ng komite sa kampanya ng isang kandidato para sa inihahalal na pangkongreso o pang-estadong katungkulan sa California;
- Naglingkod bilang isang inihalal o hinirang na miyembro ng isang komite sentral ng partidong pampulitika sa California;
- Naging nakarehistrong pederal na tagalobi;
- Naging tagalobing nakarehistro sa Estado ng California o sa isang lokal na pamahalaan ng California;
- Naglingkod bilang binabayarang tauhan na pangkongreso, pambatasan, o Lupon ng Pagpapantay ng Estado ng California; o
- Nagbigay ng $2,000 o higit sa sinumang pangkongreso, pang-estado, o lokal na kandidato ng California para sa inihahalal na pampublikong katungkulan sa alinmang taon.

Ang isang aplikante ay mayroon ring kasalungat na interes kung ang aplikante ay naglilingkod bilang tauhan o tagapayo, nakakontrata sa, o may relasyon bilang malapit na kapamilya ng Gobernador ng California, isang miyembro ng Lehislatura ng California, isang miyembro ng Kongreso ng California, o isang miyembro ng Lupon ng Pagpapantay ng Estado.

###